



Programa ng Screening Habang Nagbubuntis sa California

Ano ang Tama para sa Iyo?



I. Panimula

Ang pagbubuntis ay nagdudulot ng masasayang pakiramdam, pati na rin ang takot, stress, at kawalan ng katiyakan sa hinaharap. Maraming gustong makaalam kung ano ang kalagayan ng kanilang sanggol habang sila ay nagbubuntis.

Ipinapaliwanag sa pilyego na ito ang prenatal screening (screening habang nagbubuntis) sa pamamagitan ng California Prenatal Screening Program (Programa ng Screening Habang Nagbubuntis sa California). Isang paraan ang prenatal screening para makita kung may mga depekto ang sanggol sa panahon ng pagbubuntis.



Ikaw ang magpapasya kung gusto mo ng prenatal screening. Dapat talakayin sa iyo ng prenatal care tagapagkaloob (tagapagkaloob ng pangangalaga habang nagbubuntis) ang impormasyong sa maagang yugto ng iyong pagbubuntis.

Kung interesado kang magbasa ng mas mahabang pilyego o makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa California Prenatal Screening Program, ang mga ini-screen na depekto, ang iyong mga pagpipilian pagkatapos ng screening, at higit pa, mangyaring bisitahin ang [web page ng Prenatal Screening Patient Booklet](https://bit.ly/PNSPatientBooklet) (Pilyego ng Pasyente Hinggil sa Screening Habang Nagbubuntis) (<https://bit.ly/PNSPatientBooklet>). Sa ng page na iyon, makikita mo rin ang isang video na magbibigay sa iyo ng higit pang kaalaman tungkol sa prenatal screening.



Ano ang Nasa Loob

Panimula	3
Ano ang Aasahan	5
Prenatal Screening at ang mga Resulta	6
Impormasyon Tungkol sa Pahintulot at Pagtanggi	7
Singil at Kabayaran	8
Karagdagang Impormasyon	8
Paunawa ng mga Gawain sa Pagkapribado	10

Ano ang ginagawa ng California Prenatal Screening Program?

Ang **California Prenatal Screening Program** ay isang programa sa buong estado inihahandog ng mga prenatal care tagapagkaloob sa lahat ng indibidwal na nagbubuntis. Ginagamit sa prenatal screening ang mga sample ng dugo ng indibidwal na nagbubuntis para magsiyasat ng mga partikular na depekto sa kanilang fetus (sanggol na hindi pa pinapanganak). Ang mga indibidwal na may fetus na may mataas na posibilidad na magkaroon ng mga depekto ay hinahandugan ng genetic counseling (payong panghenetiko) at iba pang mga pag-follow-up na serbisyo sa pamamagitan ng mga Prenatal Diagnosis Center (Sentro ng Pagsusuri Habang Nagbubuntis) na nakakontrata sa estado.

Ano ang mga depekto pagkasilang?

Ang mga depekto pagkasilang ay mga kondisyon sa fetus na maaaring magdulot ng mga pagbabago sa pangangatawan at mga kapansanan sa pag-iisip. Pinakamadalas na nagkakataon lamang ang mga depekto pagkasilang at kadalasang wala nasa lahi. Ang down syndrome at iba pang "mga henetikong kondisyon" na sinisiyasat sa Programang PNS para sa isang fetus ay dulot ng ekstrang kromosoma. Nakakatulong ang mga kromosoma sa fetus na mabuo at matatagpuan ito sa bawat selula ng katawan.

Pagtingin sa kalusugan ng fetus bago ipanganak.

Kung magpapasya kang gawin ang prenatal screening, hihilingin sa iyong magbigay ng dalawang sample ng dugo. Tinitingnan ang bawat sample upang malaman kung mayroong **nadagdagang tsansa** na magkaroon ng mga partikular na depekto ang iyong fetus. Kung nadagdagan ang tiyansa, kakausapin ka ng iyong prenatal tagapagkaloob tungkol sa mga susunod na hakbang. Magpapasya ka kung gusto mo pa ng pagpapayo sa henetiko at iba pang mga pag-follow-up na serbisyo. Kabilang sa mga ito ang ultrasound exam at diagnostic testing.

PANGUNAHING DEPINISYON

Ipinapakita sa pananaliksik na ang "**mga depekto pagkasilang**" ay pinakakaraniwang ginagamit at ang pinakanauunawaang termino para sa mga henetikong kondisyon at mga depekto sa neural tube na sinisiyasat sa Programang PNS.

Paano naiiba ang prenatal screening sa diagnostic testing?

Tinatantiya sa prenatal screening ang mga tiyansa ng mga partikular na depekto pagkasilang. Kung nakita sa screening ang mas nadagdagang tiyansa ng depekto pagkasilang, kailangan ang diagnostic testing para sa mas malinaw na sagot.

Matutuklasan sa Programang PNS itong apat na uri ng depekto pagkasilang:

Depekto pagkasilang	Mga kapansanang dulot ng depekto pagkasilang
Trisomy 21 Down syndrome	Ang henetikong kondisyong ito ay nagdudulot ng mga banayad hanggang malubhang kapansanang intelektwal at mga malubhang problema sa kalusugan gaya ng mga depekto sa puso.
Trisomy 18 Edwards syndrome	Ang henetikong kondisyong ito ay nagdudulot ng mga malubhang kapansanang intelektwal at mga malubhang problema sa kalusugan. Karamihan sa mga pagbubuntis na may trisomy 18 ay kusa na lang nagwawakas kapag nakunan.
Trisomy 13 Patau syndrome	Ang henetikong kondisyong ito ay nagdudulot ng mga malubhang kapansanang intelektwal at mga malubhang problema sa kalusugan. Karamihan sa mga pagbubuntis na may trisomy 13 ay kusa na lang nagwawakas kapag nakunan.
Mga depekto sa neural tube	Ang depekto pagkasilang na ito ay nagdudulot ng mga problema sa paglaki ng utak o gulugod, gaya ng spina bifida (naka-usling gulugod).

II. Ano ang aasahan sa California Prenatal Screening Program



TALAKAYIN. Maghahandog sa iyo ang iyong prenatal tagapagkaloob ng pangangalaga ng prenatal screening sa pamamagitan ng programang ito. Hindi ito iniaatas. Ang prenatal screening ay makakatulong para malaman mo kung nadagdagan ang tsansang magkaroon ng mga partikular na depekto pagkasilang ang iyong fetus.



Kung pinili mong sumali sa California Prenatal Screening (PNS) Program at may Medi-Cal o pribadong health insurance, sasagutin nila ang mga sisingilin sa iyong programa na may ilang eksepsyon.



PAHINTULOT. Kung gusto mo ng prenatal screening, hihilingin sa iyo ng iyong prenatal care provider na pirmahan ang mga form ng pahintulot, isa para sa bawat isa sa dalawang screening. Mahalaga ang dalawang ito dahil magkaibang bagay ang tinitingnan nila. Kung hindi mo gusto ng prenatal screening, kakailanganin mong pumirma ng form ng pagtangga.



MAGPA-SCREEN. Ipapaalam sa iyo ng iyong prenatal tagapagkaloob ng pangangalaga kung saan pupunta upang makuha ang iyong dugo para sa dalawang prenatal screening. Maaaring sa laboratoryo ito o sa tanggapan ng iyong prenatal tagapagkaloob ng pangangalaga. Para sa bawat screening, kukuha ang miyembro ng tauhan ng kaunting dugo mula sa iyong braso at ipapadala ito sa laboratoryo.



MAKIPAG-UGNAY. Dalawang beses na makikipag-ugnayan sa iyo ang tanggapan ng iyong prenatal tagapagkaloob ng pangangalaga upang ipaalam sa iyo ang mga resulta ng iyong screening sa **cell-free DNA at maternal serum alpha-fetoprotein**.



MGA PAG-FOLLOW-UP NA SERBISYO. Kung ipinapakita sa alinmang resulta na nadagdagan ang tsansang magkaroon ng isa sa mga depekto pagkasilang ang iyong fetus, hindi ito laging nangangahulugang mayroon nang depekto pagkasilang. Maghahandog sa iyo ang Programang PNS ng mga pag-follow-up na serbisyo sa isang Prenatal Diagnosis Center na inaprubahan ng estado. Una, makakausap mo ang isang pagpapayo sa hetetiko. Hahandugan ka ng detalyadong ultrasound exam para sa iyong fetus. Pagkatapos, magpapasya ka kung gusto mo ng diagnostic test upang malaman kung mayroong depekto pagkasilang ang iyong fetus.

Kabilang sa mga pag-follow-up na serbisyo ang:

- Genetic counseling
- Ultrasound exam
- Diagnostic testing: chorionic villus sampling o amniocentesis



Kung nakakuha ka ng prenatal screening sa pamamagitan ng Programang PNS, makukuha mo ang mga pag-follow-up na serbisyo nang walang karagdagang bayad.



Tandaan: Kakausapin ka ng iyong prenatal tagapagkaloob ng pangangalaga tungkol sa pagkuha ng **prenatal diagnosis** sa halip na prenatal screening. Kung hindi, maaari mong itanong sa kanya kung irerekomenda para sa iyo ang prenatal diagnosis.

III. Prenatal Screening at ang mga Resulta

Prenatal screening

Sa panahon ng iyong pagbubuntis, hahandugan ka ng dalawang screening bilang bahagi ng California Prenatal Screening (PNS) Program. Sa bawat screening ay kinakailangan mong magbigay ng sample ng dugo. Tinatantiya sa bawat screening ang mga tsansang magkaroon ang iyong fetus ng isa sa mga depekto pagkasilang na ini-screen para sa Programang PNS. Nasa ibaba ang mga detalye tungkol sa dalawang uri ng screening.

Screening	Ano ang ini-screen nito	Kailan makakakuha nito
Cell-free DNA (cfDNA)	Mga henetikong kondisyon: <ul style="list-style-type: none"> • Trisomy 21 (Down syndrome) • Trisomy 18 (Edwards syndrome) • Trisomy 13 (Patau syndrome) 	Mula 10 linggo hanggang sa unang araw ng 21 linggo ng pagbubuntis. Maaaring gawin ang cfDNA pagkatapos ng 20 linggo ngunit magiging limitado na ang mga pag-follow-up na serbisyo. Makukuha ang mga resulta sa loob ng 10-14 na araw.
Maternal serum alpha-fetoprotein (MSAFP)	Mga depekto sa neural tube <ul style="list-style-type: none"> • Open spina bifida (pagkausli ng gulugod) • Anencephaly (mga nawawalang bahagi ng utak o bungo) 	Mula 15 linggo hanggang sa unang araw ng 21 linggo ng pagbubuntis. Makukuha ang mga resulta sa loob ng 7-10 araw.

Pag-unawa sa mga resulta ng prenatal screening

Ang mga resulta ng iyong screening ay partikular sa iyo at sa kasalukuyan mong pagbubuntis. Kakausapin ka ng iyong prenatal tagapagkaloob ng pangangalaga tungkol sa mga resulta ng iyong screening.

Mga uri ng resulta:	Ang ibig sabihin nito	Ano ang susunod na mangyayari?	Ano pa ang dapat malaman
Hindi nadagdagang tiyansa ng mga depekto pagkasilang (pinakakaraniwang resulta)	Ang tsansang magkaroon ang iyong fetus ng alinman sa mga nai-screen na depekto pagkasilang ay mababa, ngunit hindi zero	Ang Programang PNS ay hindi naghahandog ng pag-follow-up na testing o mga serbisyo para sa resultang ito	Hindi ginagarantiya ng resultang ito na walang depekto pagkasilang. Walang prenatal screening ang makakatuklas ng 100% ng mga depekto pagkasilang
Nadagdagang tiyansa ng mga depekto pagkasilang	Ang tsansang magkaroon ang iyong fetus ng isa sa mga nai-screen na depekto pagkasilang ay mas mataas kaysa karaniwan	Ang Programang PNS ay naghahandog ng pag-follow-up na testing o mga serbisyo para sa resultang ito	Ang resultang ito ay hindi laging nangangahulugan na may depekto pagkasilang ang fetus. Makakatulong ang diagnostic testing na malaman kung mayroong depekto pagkasilang
Resultang "no call"	Paminsan-minsan ay walang sapat na henetikong materyal sa iyong dugo, o kinuha ang iyong dugo nang napakaaga o huli na sa pagbubuntis, para makakuha ng malinaw na resulta ng screening	Kakausapin ka ng iyong tagapagkaloob ng tungkol sa kung bakit mayroon kang resultang "no call" at ipapaalam sa iyo kung maaaring maulit ang screening	May ilang magkakaibang dahilan kung bakit hindi magkakaroon ng resulta kaya magiging gabay ang iyong tagapagkaloob

IV. Impormasyon Tungkol sa Pahintulot at Pagtangga

Ikaw ang pagpapasya kung gusto mo ng prenatal screening na inihahandog ng California Prenatal Screening (PNS) Program. Susuriin ng iyong prenatal tagapagkaloob ng pangangalaga ang proseso ng prenatal screening at sasagutin ang anumang mga katanungang maaaring mayroon ka upang maging handa kang makapagpasya. Ibibigay sa iyo ng iyong tagapagkaloob ang mga pipirmahang form ng **pahintulot o pagtangga**.

Kung nagpasya kang magkaroon ng isa o parehong screening na inihahandog ng Programang PNS, pipirmahan at pepetsahan mo ang magkahiwalay na form ng pahintulot para sa bawat isa sa dalawang screening. Kung nagpasya kang huwag kumuha ng isa o parehong screening na inihahandog ng Programang PNS, pipirmahan at pepetsahan mo ang magkahiwalay na form ng pahintulot para sa bawat isa sa dalawang screening.

Kung nagpasya kang huwag kumuha ng isa o parehong screening, at hindi ka binigyan ng iyong tagapagkaloob ng mga pipirmahang form ng pagtangga, mangyaring hilinging ibigay niya ang mga ito. Makukuha ang lahat ng form sa website ng Programang PNS. Pagkatapos ay dapat ilagay ng iyong tagapagkaloob ang pinirmahan mong form o mga form ng pagtangga sa iyong medikal na rekord.

Narito ang **maikling buo ng mahahalagang punto** dapat tandaan habang isinasaalang-alang mo ang pinal mong pagpapasya sa kung gusto mo o hindi kumuha ng isa o parehong screening na inihahandog ng Programang PNS.

1. Naghahandog ang Programang PNS ng prenatal screening upang tukuyin itong mga depekto pagkasilang: trisomy 21 o Down syndrome, trisomy 18, at trisomy 13 (sa pamamagitan ng cell-free DNA o cfDNA screening), at mga depekto sa neural tube (sa pamamagitan ng maternal serum alpha-fetoprotein o MSAFP screening). Hindi nag-i-screen ang Programang PNS para sa mga depekto pagkasilang maliban sa mga ito. Maaari itong mag-screen ng higit pa sa hinaharap. Hindi 100% tumpak ang screening sa pagtuklas ng mga depekto pagkasilang.
2. Mayroong mga hiwalay na singil ang programa para sa bawat isa sa dalawang screening, ang cfDNA screening at MSAFP screening. Kailangang sagutin ng Medi-Cal at pribadong insurance ang lahat ng singil ng programa, na may ilan lamang na eksepsyon para sa mga employer na may sariling insurance o mga planong pangkalusugan sa labas ng estado. Kung wala kang Medi-Cal o health insurance, o hindi saklaw ang mga singil na ito, kailangan mong magbayad nang buo.
3. Kung ipinapakita sa screening ang mas nadagdagang tiyansa ng depekto pagkasilang, maaari mong kausapin ang iyong tagapagkaloob at magpasya kung gusto mo ng mga pag-follow-up na serbisyo. Kabilang sa mga pag-follow-up na serbisyo ang pagpapayo sa henetiko upang matutunan ang tungkol sa mga pag-follow-up na opsyon, isang ultrasound examination, at diagnostic testing, ang alinman sa chorionic villus sampling o amniocentesis. Posibleng magkaroon ng mga normal na resulta pagkatapos ng diagnostic testing.
4. Kung humiling ang iyong tagapagkaloob ng karagdagang genetic screening o testing sa labas ng Programang PNS, kakailanganin ang mga hiwalay na form at singil. Hindi pangangasiwaan ng Programang PNS ang singil. Hindi makukuha ang mga pag-follow-up na serbisyo sa pamamagitan ng Programang PNS para sa karagdagang screening o testing.

V. Singil at Kabayaran para sa Screening

Simula ngayong 2022, ang mga singil ng programa para sa dalawang magkaibang screening na ipinagkaloob ng California Prenatal Screening (PNS) Program ay ang mga sumusunod:



- \$232 para sa cell-free DNA (cfDNA) screening
- \$85 para sa maternal serum alpha-fetoprotein (MSAFP) screening

Saklaw ng mga singil ang 1) gastos sa screening, at 2) mga pag-follow-up na serbisyo sa isang Prenatal Diagnosis Center na inaprubahan ng estado kung mayroong resulta ng screening na nagpapakita ng mas nadagdagang tiyansa ng depekto pagkasilang. Kailangang sagutin ng Medi-Cal at pribadong insurance ang lahat ng singil ng programa, na may ilan lamang na eksepsyon para sa mga employer na may sariling insurance o mga planong pangkalusugan sa labas ng estado.

Kailangan mong ibigay ang numero ng iyong Medi-Cal at impormasyon ng insurance sa panahon ng prenatal screening. Ipapadala sa iyo ng Programang PNS ang singil at ang form ng impormasyon ng insurance upang makumpleto at maibalik kung hindi naibigay ang impormasyon ng Medi-Cal o insurance noong inorder ang mga screening. Hindi isasama ng Programang PNS ang singil sa prenatal screening o testing na nasa labas ng Programang PNS. **Tandaan ang mga sumusunod:**

- Hindi saklaw sa singil ng Programang PNS ang mga singil sa pagkuha ng dugo.
- Babayaran lamang ng Programang PNS ang mga pag-follow-up na serbisyo sa Prenatal Diagnosis Center na inaprubahan ng estado kung natagpuan sa prenatal screening na ipinagkaloob sa Programang PNS ang mas nadagdagang tsansa ng depekto pagkasilang sa iyong fetus.
- Babayaran lamang ng Programang PNS ang mga pag-follow-up na serbisyo para sa anumang iba pang medikal na serbisyo pagkatapos ng diagnostic testing.

VI. Karagdagang Impormasyon

Nasa sa iyo kung susuportahan mo ang pananaliksik

Kung nakatira ka sa mga partikular na county na nakikibahagi sa pagsubaybay sa mga depekto pagkasilang, pagkatapos mong magpakuha ng dugo para sa iyong MSAFP screening, itatabi ang sample ng dugo na iyon at maaaring gamitin sa pananaliksik para maiwasan ang mga depekto pagkasilang. Magiging kumpidensyal ang paghawak sa sample ng dugo nang walang anumang pantukoy na personal na impormasyon at maaaring ilabas upang makatulong sa mga inaprubahang pananaliksik na pag-aaral na nagdudulot ng mga depekto pagkasilang at iba pang problema sa kalusugan sa pagkabata.



Maaari mong hilinging **huwag** gamitin ang sample ng iyong dugo para sa pananaliksik kapag inorder ng iyong prenatal tagapagkaloob ng pangangalaga ang MSAFP screening. Maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng paghiling sa iyong tagapagkaloob na lagyan ng tsek ang kinakailangang markahang kahon kapag inoorder ang screening. Kung "hindi" ang isasagot mo sa paggamit sa sample ng iyong dugo para sa pananaliksik, wawasakin ang sample na iyon pagkatapos makumpleto ang resulta ng iyong screening at maiulat sa iyong tagapagkaloob. Ang pagtangga sa pananaliksik ay hindi makakaapekto sa pangangalaga ng iyong kalusugan o mga resulta ng screening sa anumang paraan. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [website ng Sumusuportang Pananaliksik ng Programang PNS](https://bit.ly/PNSResearch) (<https://bit.ly/PNSResearch>).

Ang California Newborn Screening Program

Regular na ini-screen ng California Newborn Screening (NBS, Screening sa Bagong Silang na Sanggol) Program ang lahat ng bagong silang para sa mahigit 80 malulubha ngunit magagamot na henetikong sakit. Kailangang makolekta ang dugo ng lahat ng bagong silang na sanggol ng isang health care provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) mula 12 hanggang 48 pagkasilang gamit ang kaunting dugo na kinukuha sa sakong ng sanggol. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa screening ng bagong silang na sanggol, magtanong sa iyong tagapagkaloob sa pangangalaga sa kalusugan o bisitahin ang webpage ng [Programang NBS](http://www.cdph.ca.gov/NBS) ng California (www.cdph.ca.gov/NBS).



Maaaring maapektuhan ng kapaligiran ang iyong kalusugan

Nakaka-enkwentro tayong mga kemikal at iba pang mga sustansya sa pang-araw-araw na pamumuhay na maaaring makaapekto sa lumalaking fetus. Sa kabutihang-palad, mayroong mga hakbang na maaaring mong gawin upang mabawasan ang iyong pagkahantad sa mga potensyal na nakakapinsalang sustansyang ito sa tahanan, sa trabaho, at sa kapaligiran. Hindi alam ng maraming taga-California na ilang pang-araw-araw na produktong pangkonsumidor ang maaaring magdulot ng potensyal na pinsala. Ang mga umaasang maging magulang ay kailangang makipag-usap sa kanilang doktor at hinihikayat na magbasa pa tungkol sa paksang ito upang matutunan ang tungkol sa mga simpleng aksyon upang maitaguyod ang malusog na pagbubuntis.



Sa University of California, San Francisco, gumagawa ang Program on Reproductive Health and the Environment (Programa para sa Reproductibong Kalusugan at Kapaligiran) ng [mga brochure na All That Matters \(Lahat ng Mahalaga\)](https://prhe.ucsf.edu/info) (<https://prhe.ucsf.edu/info>). Ang mga hindi teknikal at nakatuon sa pasyenteng gabay na ito ay nagbibigay ng tips at mungkahi sa pag-iwas sa pagkahantad sa nakakalasang kemikal sa tahanan, sa trabaho, at sa kapaligiran. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [webpage sa Reproductibong Kalusugan ng Programang PNS](https://bit.ly/R-Health) (<https://bit.ly/R-Health>).

Nasa sa iyo kung gusto mong ibangko ang dugo ng talimpusod

Habang paparating na ang petsa ng paghahatid, maaaring isaalang-alang ng mga umaasang maging magulang ang opsyon ng pagtatabi ng dugo ng talimpusog ng kanilang anak. Ang pagbangko ng dugo ng talimpusod ay nangangahulugang pagkolekta ng mga potensyal na nakakapanligtas-buhay na stem cell mula sa umbilical cord (talimpusod) at pagtatabi sa mga ito para gamitin sa hinaharap.



Mayroong mga pribado at pampublikong cord blood bank (bangko para sa dugo ng talimpusod) sa California. Ang mga magulang na interesado sa pagtatabi ng dugo ng talimpusod ng kanilang sanggol ay kailangang makipag-usap sa kanilang prenatal care tagapagkaloob bago sumapit ng ika-34 na linggo ng pagbubuntis, o mas maaga pa. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [web page sa Pagba-bank ng Dugo ng Talimpusod ng Programang PNS](https://bit.ly/Cord-B) ng California (<https://bit.ly/Cord-B>). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa parehong pampubliko o pribadong cord blood banking, bumisita o tumawag sa:

- [National Cord Blood Program \(Pambansang Programa para sa Dugo ng Talimpusod\)](https://www.nationalcordblood.org): 866-767-6227
- [National Marrow Donor Program \(Pambansang Programa para sa Pagbibigay ng Utak ng Buto\)](https://www.marrows.org): 800-627-7692

Survey sa sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan ng kasarian

Bilang bahagi ng proyekto ng pagkolekta ng data na iniaatas ng estado, kailangang humingi ang Programang PNS ng impormasyon tungkol sa sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan ng kasarian ng mga kalahok sa programa.

Kinokolekta ang impormasyong ito sa [Survey sa Sexual Orientation Gender Identity \(SOGI, Sekswal na Oryentasyon at Pagkakakilanlan ng Kasarian\)](https://forms.office.com/g/LRUWGV7Xx) (<https://forms.office.com/g/LRUWGV7Xx>). Hindi mo kailangang kumpletuhin ang SOGI survey form. Kung pinili mong huwag ibigay ang impormasyong ito, hindi nito maaapektuhan ang pagsali mo sa Programang PNS. Kung pinili mong ibigay ang impormasyong ito, hindi ito ipapatunton sa iyo o sa mga resulta ng iyong prenatal screening test. Maaaring kumpletuhin ng mga nagbubuntis na indibidwal ang bagong form sa bawat pagkakataong sila ay nagbubuntis.



VII. Paunawa ng mga Gawain sa Pagkapribado

Ang Genetic Disease Screening Program (GDSP, Programa ng Pagsisiyasat ng Henetikong Sakit) ay inilalarawan bilang isang tagapagkaloob sa pangangalaga sa kalusugan sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA, Batas sa Pagkakaroon at Pananagutan sa Segurong Pangkalusugan). Pederal na batas ang HIPAA na lumikha ng mga batas upang protektahan ang sensitibong impormasyong pangkalusugan ng pasyente sa pagsisiwalat nang hindi pinahihintulutan o nalalaman ng pasyente. Saklaw ang GDSP sa ilalim ng HIPAA at kailangan nitong ipamahagi ang Notice of Privacy Practice (NPP, Paunawa ng Gawain sa Pagkapribado, epektibo mula Hulyo 2015).

Ang California Prenatal Screening (PNS) Program ay nasa ilalim ng GDSP bilang bahagi ng California Department of Public Health (CDPH, Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng California). Ang pagkolekta at pakikipagpalitan ng personal na impormasyong pangkalusugan sa pagitan ng mga saklaw na tagapagkaloob para sa layunin ng paggamot, pagbabayad, o mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan kasama ang GDSP at ang mga ahente nito, kaugnay ng Programang PNS ay pinahihintulutan ng HIPAA at inaatasan ng batas ng estado nang walang espesyal na awtorisasyon o kasunduan ng mga kasanib sa negosyo. Inilalarawan sa paunawang ito kung maaring magamit at maisiwalat ang personal at medikal na impormasyon tungkol sa iyo at kung paano mo makukuha ang impormasyong ito. Mangyaring pag-aralan ito nang mabuti.

Mga Legal na Tungkulin ng Kagawaran

Inaatasan ang GDSP ng batas na panatilihin ang pagkapribado ng protektadong impormasyong pangkalusugan. Nililimitahan ng mga pederal na batas at batas ng estado ang paggamit, pagpapanatili, at pagsisiwalat ng personal na impormasyong nakuha ng ahensiya ng estado at iniaatas ang mga partikular na paunawa ng mga indibidwal na ang impormasyon ay pinananatili. Inaatasan din kami ng batas na agad na ipaalam sa iyo kung nagkaroon ng paglabag na maaaring nakapagkompromiso sa pagkapribado o seguridad ng iyong impormasyon.

Kabilang sa mga batas ng estado ang California Information Practices Act (Batas sa mga Gawain sa Impormasyon ng California, Kodigong Sibil 1798 et seq.), Kodigo ng Pamahalaan Seksyon 11015.5, at Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksyon 124980. Ang pederal na batas ay ang Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA), 42 USC 1320d-2(a)(2), at ang mga regulasyon nito sa Titulo 45 ng Kodigong mga Pederal na Regulasyon Seksyon 160.100, et seq.

Bilang pagsunod sa mga batas na ito, ikaw at ang mga nagkaloob ng impormasyong iyon ay inaabusuhan ng mga sumusunod: Kinokolekta at ginagamit ng CDPH ang personal at medikal na impormasyon gaya ng pinahihintulutan sa ilalim ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan mga Seksyon 124977, 124980, 125000, 125002, 125050, 125055, at 123055, at alinsunod sa mga pamamaraan sa mga regulasyon ng Estado (17 CCR §§ 6527, 6529, 6531 at 6532). Ginagamit ang impormasyong kinokolekta ng CDPH upang tantiyahin ang panganib ng malulubhang depekto pagkasilang sa pagbubuntis at magbigay ng diagnostic testing para sa mga nagbubuntis na kababaihan. Kung hindi ibinigay ang personal na impormasyon, maaaring magresulta sa mga problema gaya ng hindi pagtuklas sa apektadong sanggol, maling pag-uulat na nadagdagang panganib na nagdudulot ng hindi kinakailangang mapanghimasok na testing, o hindi paniningil sa tamang paraan para sa mga ipinagkaloob na serbisyo. Kinokolekta ang impormasyong ito sa elektronikong paraan at kinabibilangan ng iyong pangalan, address, mga resulta ng testing, at medikal na pangangalagang ibinigay sa iyo.

Mga Paggamit at Pagsisiwalat ng Impormasyong Pangkalusugan

Ginagamit ng CDPH ang impormasyong pangkalusugan na tungkol sa iyo para sa screening, upang magkaloob ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, upang makuha ang kabayaran para sa screening at mga pang-administratibong layunin, at upang suriin ang kalidad ng pangangalagang natatanggap mo. Pinahihintulutan din ng batas ang CDPH na gamitin at ibigay ang impormasyong mayroon kami tungkol sa iyo para sa mga sumusunod na dahilan:

- Para sa mga pananaliksik na pag-aaral na inaprubahan ng isang institusyonal na lupon ng pagrerepaso at tumutugon sa lahat ng iniaatas sa batas sa pagkapribado ng pederal na pamahalaan at estado, gaya ng pananaliksik na nauugnay sa pag-iwas sa sakit.
- Para sa medikal na pananaliksik nang hindi tinutukoy ang taong pinagkunan ng impormasyon, maliban kung partikular mong hiniling sa paraang nakasulat na huwag gamitin ang iyong impormasyon, sa pamamagitan ng pagsulat sa address na nakalista sa ibaba.
- Sa mga organisasyong tumutulong sa amin sa aming mga pagpapatakbo, gaya ng pagkolekta ng mga singil. Kung binigyan namin sila ng impormasyon, titiyakin naming pinoprotektahan nila ang pagkapribado ng impormasyong ibinibahagi namin sa kanila gaya ng iniaatas ng pederal na batas at batas ng estado.

Nakasulat na Pahintulot sa GDSP

Kailangang mapasakamay ng GDSP ay iyong nakasulat na pahintulot upang gamitin o ibigay ang impormasyong personal at pangkalusugan tungkol sa iyo para sa anumang dahilang hindi inilalarawan sa paunawang ito. Maaari mong bawiin ang iyong awtorisasyon sa anumang oras, maliban kung kumilos na ang GDSP dahil sa iyong pahintulot, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Division Chief, Genetic Disease Screening Program, 850 Marina Bay Parkway, F175, Richmond, CA 94804.

Paunawa ng mga Gawain sa Pagkapribado (ipinagpapatuloy)

Pinananatili ng CDPH ang karapatang baguhin ang mga tuntunin ng paunawang ito at gumawa ng mga bagong probisyon sa paunawa na may bisa para sa lahat ng protektadong impormasyong pangkalusugan na pinananatili nito. Maaari kang humiling ng kopya ng mga kasalukuyang patakaran o kumuha ng mas higit pang impormasyon tungkol sa aming mga gawain sa pagkapribado, sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong nakalista sa susunod na pahina o pagsangguni sa [web page ng Programang PNS](https://www.cdph.ca.gov/PNS) (<https://www.cdph.ca.gov/PNS>). Maaari ka ring humiling ng papel na kopya ng Paunawang ito.

Mga Karapatan ng Indibidwal at Pagkuha ng Impormasyon

May karapatan kang tingnan ang at tumanggap ng kopya ng iyong impormasyong pangkalusugan. Kung hihiling ka ng mga kopya, sisingilin ka namin ng \$0.10 (10 sentimo) para sa bawat pahina. May karapatan ka ring tumanggap ng listahan ng mga pagkakataong nagsiwalat kami ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para sa mga dahiling bukod sa screening, pagbabayad, o mga kaugnay na layuning pang-administratibo.

Kung naniniwala kang hindi tama ang impormasyong nasa iyong rekord o kung may kulang na mahalagang impormasyon, may karapatan kang hilingin na itama ang kasalukuyang impormasyon o idagdag ang kulang na impormasyon. May karapatan kang hilingin sa aming makipag-ugnayan sa iyo sa ibang address, post office box, o numero ng telepono. Tatanggapin namin ang mga makatwirang kahilingan. Maaari kang humiling sa paraang nakasulat na limitahan namin ang pagsisiwalat ng iyong impormasyon para sa paggamot na pangangalagang pangkalusugan, pagbabayad, at mga layuning pang-administratibo; ngunit, maaaring hindi namin sundin ang lahat ng kahilingan.

Mga Reklamo

Kung naniniwala kang hindi namin prinotektahan ang iyong pagkapribado o nilabag ang alinman sa iyong mga karapatan at nagnanais na magsampa ng reklamo, mangyaring tumawag o sumulat sa: Privacy Officer, CDPH, 1415 L Street, Suite 500, Sacramento, CA 95814, (877) 421-9634. Hindi maaaring alisin ng CDPH ang iyong mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan o anumang iba pang mga protektadong karapatan sa anumang paraan kung pinili mong magsampa ng reklamo o gamitin ang alinman sa mga karapatan sa pagkapribado sa Paunawang ito.

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa United States Department of Health and Human Services (Kagawaran ng mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos), Attention: Regional Manager, Office for Civil Rights at 90 7th Street, Suite 4-100, San Francisco, CA 94103, telepono (800) 368-1019, o (800) 537-7697 TDD walang bayad, o sa U.S. Office of Civil Rights (Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Estados Unidos) sa 866-OCR-PRIV (866-627-7748) o 866-788-4989 TTY.

Kokontakin sa Kagawaran

Pinananatili ng GDSP ang impormasyon sa Paunawang ito. Maaaring makipag-ugnayan sa Division Chief (Pinuno ng Dibisyon) ng Genetic Disease Screening Program sa: 850 Marina Bay Parkway, F175, Richmond, California, 94804, (866) 718-7915. Responsable ang Division Chief sa sistema ng mga rekord at, kapag hiniling, ay ipapaalam sa iyo ang tungkol sa lokasyon ng iyong mga rekord at sasagot sa anumang mga kahilingang maaaring mayroon ka tungkol sa impormasyong nasa mga rekord na iyon.

Ang Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan)

Paunawa ng Impormasyon at Pahayag ng Pagkuha Nito

Patakaran sa Hindi Pagdidiskrimina Batay sa Kapansanan at Pahayag sa Oportunidad sa Pantay-pantay na Trabaho. Sumusunod ang CCDPH sa lahat ng batas ng estado at pederal na pamahalaan, na nagbabawal ng diskriminasyon sa trabaho at nagkakaloob ng admisyon at access sa mga programa at aktibidad nito.

Itinalaga ang Deputadong Direktor, ng Office of Civil Rights (OCR, Tanggapan ng mga Karapatang Sibil), CDPH upang pag-ugnayin at ipatupad ang pagsunod ng kagawaran sa mga iniaatas pagdating sa hindi pagdidiskrimina. Tinutugunan ng Titulo II ng Americans with Disabilities Act (ADA) ang mga isyu sa hindi pagdidiskrimina at pag-access tungkol sa mga kapansanan. Upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga Patakarang EEO ng CDPH, o sa mga probisyon ng ADA at mga ipinagkakaloob na karapatan, maaari kang makipag-ugnayan sa CDPH Office of Compliance, Civil Rights Unit, sa P.O. Box 997377, MS 0504, Sacramento, CA 95899-7377 o (916) 445-0938.

Kapag hiniling, gagawing makukuha ang dokumentong ito sa Braille, high contrast, malaking print, o elektrokong format. Upang makakuha ng kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, tumawag o sumulat sa Chief, California Prenatal Screening Program, 850 Marina Bay Pkwy, F 175, Mail Stop 8200, Richmond, CA 94804; Telepono: (866) 718-7915. [Online ang paunawang ito](https://bit.ly/PNSPrivacy) (<https://bit.ly/PNSPrivacy>).



**Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California
(California Department of Public Health)**

www.cdph.ca.gov/PNS

California Department of Public Health Genetic
Disease Screening Program
Prenatal Screening Program
850 Marina Bay Parkway, F175
Richmond, CA 94804
pns@cdph.ca.gov
866-718-7915 (libreng toll)

2022